

CHAPTER *One*

“*C*an’t we think this over, honey? Nikki won’t like this.”

Napahinto si Nikki nang marinig ang boses ng ina mula sa study room ng kanyang papa. Bahagyang nakabukas ang pinto kaya nasisilip niya ang mga magulang na mukhang seryoso ang pinag-uusapan sa loob.

What was it that she wouldn’t like? It sounded like bad news. Her mom knew her too well.

At kung sinabi nitong di niya magugustuhan ang isang bagay, siguradong hindi talaga niya iyon magugustuhan.

“This is bound to happen, Diana. Tumatanda na ako at hindi ko na alam kung hanggang kailan ko pa makakayang i-handle ang mga business

natin.”

Bad news indeed. Teenager pa lamang si Nikki ay gusto na siyang sanayin ng ama sa paghawak ng mga negosyo ng kanilang pamilya. They owned one of the top luxurious beach resorts in the Philippines—ang *Empress Island*. Pagmamayari rin nila ang isa sa mga leading furniture manufacturers sa buong bansa.

Matatag ang kagustuhan ng kanyang ama na tanging sa anak lamang nito ipapasa ang direktang pamamahala sa mga negosyo.

“Natalie is not an option anymore, so it has to be Nikki,” dagdag pa ng ama.

It was unfortunate that Hernando and Diana Dela Cerna were not granted a son. Wala tuloy ibang pagpipilian si Nikki kundi saluhin ang responsibilidad na una nang tinanggihan ng Ate Natalie niya.

It should have been her sister. But one of the perks of being the eldest, they get to choose first. Mag-e-eighteen noon ang kapatid niya, at imbes na isang engrandeng debut party, immunity mula sa pag-take over ng mga negosyo ang hiniling nito sa kanilang mga magulang.

Too bad for Nikki, she was born late. Bagsak tuloy sa kanya ang titulong heredera.

“Nikki’s too young for this. You promised that

you'll let her have her freedom for a while.”

“Hindi pa ba sapat na hinayaan ko siyang tapusin ang Fine Arts niya? She's had enough time and freedom for her passion. She's already twenty-one at mas magandang matuto na siya sa negosyo habang maaga.”

Nakasalubong ni Nikki ang kapatid sa hagdanan. Base sa apologetic nitong tingin ay tiyak niyang narinig din nito ang usapan ng kanilang mga magulang. Matanda sa kanya ng anim na taon si Natalie at gaya niya ay namana rin nito ang ganda ng kanilang ina.

They were both fair but while Nikki's face was bright and sweet, Natalie had a classic beauty and sad-looking eyes.

“You probably hate me now, Nikki. I'm really sorry dahil ikaw ang sasalo sa lahat.”

Umiling-iling siya at ngumiti. “We've been through this, Ate. Magda-drama na naman ba tayo? I may have resented you years ago, but things are different now. Tanggap ko na.”

“Hindi mo pa rin maaalis sa 'kin na makaramdam ng guilt. I obviously dodged the bullet so I can pursue my own dreams. I didn't even consider the fact na may sarili ka ring pangarap,” nakokonsyensyang saad nito.

Nilapitan niya ang kapatid at pinisil ang

kamay nito. “I’m fine, Ate. Really. But you can do me a favor. Pwede mo bang kausapin si Papa at sabihang ’wag akong i-pressure masyado? Malakas ka naman sa kanya, eh.”

Natawa si Natalie at hinaplos ang pisngi niya.

Nang pumanhik si Nikki sa kanyang art room ay doon niya pinakawalan ang lahat ng sama ng loob na naipon sa dibdib. Hindi lamang niya gustong ipakita kay Natalie kanina, pero ang totoo ay nangangamba siya sa hinaharap.

She had to live the life her father had planned for her. A life she never wanted.

Gayunpaman, hindi niya rin kayang talikuran ang obligasyon na iyon. Her family was too important for her to even think of running away.

Umupo siya sa tapat ng canvas na nasa easel at frustrated na inangat ang palette. Sa tuwing may dinadamdam siya o kaya ay may malalim na iniisip, sa pagpipinta niya ibinubuhos ang lahat.

Painting was her escape, the only thing she’d ever wanted to make as her career.

Bata pa lang siya ay pinangarap na niyang magkaroon ng sariling art gallery at makapag-abroad upang mapalawak ang kaalaman sa sining. But would it ever happen? Maybe not anymore.

Dinampot niya ang cellphone mula sa mesita nang mag-ring iyon. “Where are you, Niks?” bati

ni Faye sa kabilang linya.

“Sa bahay, bakit?”

“Ate Chantal is hosting a beach bonfire party. Punta ka. Tinawagan ko rin si Radley.”

Sinipat niya ang wall clock. “It’s already ten.”

“So?” Eksaheradang tumaas ang boses ng kaibigan. “What are you, Nikayla Dela Cerna, sixteen? Huwag ka nang mag-inarte d’yan. Resort n’yo pa rin itong pupuntahan mo, ’no.”

She sighed. “I’m not in the mood now, Faye.”

“Excuses! Come, or I won’t talk to you for a month!” Binabaan na siya nito.

Hindi man niya feel lumabas ng bahay ay napilitan na rin siyang tumayo. She changed into a pair of denim cutoffs and wore a white beach cardigan over her sleeveless shirt. Matapos magpaalam sa mga magulang ay nagpahatid siya sa driver nilang si Manong Corden.

May sariling motorboat ang kanilang pamilya na siyang ginagamit nila kapag bumibisita sila sa *Empress Island*. Malapit ang isla sa town proper kaya fifteen minutes lang ang inaabot ng boat ride mula sa mansion nilang nakatirik malapit sa seacoast.

“Really? Ipapa-take over na ni Tito Hernando sa ’yo ang mga negosyo?” Namilog ang mga mata ni Faye matapos niyang ikuwento rito ang narinig

niyang usapang ng kanyang mga magulang. Nakaupo sila sa nakalatag na beach blanket sa buhanginan.

Tumango si Nikki at sumimsim ng kaunting beer mula sa red cup na ibinigay ni Faye. Faye was her best friend. Anak ito ng mayor ng kanilang bayan. Simula nang maging magkaklase noong high school ay hindi na sila napaghiwalay pa. Marahil ay dahil sa pareho silang bunso kaya madali silang nagkasundo kahit magkaibang-magkaiba ang mga interes nila sa buhay.

“Well, sooner or later ikaw rin naman talaga ang mamamahala sa negosyo n’yo, eh. Obviously, di na pwede si Ate Natalie dahil magiging doktor na siya.” Katatapos lang ng medical internship ng kapatid niya at malapit na nitong simulan ang limang taong general surgery residency sa Maynila. Her sister’s lifelong dream was to become a great cardiothoracic surgeon.

Nilaro-laro ni Faye ang ilang hibla ng maiksi at kulot na buhok. “Paano ’yan, igi-give up mo na ba ang art career mo? Paano na ang dream mong maging next *Frida Kahlo*?”

Mapakla siyang ngumiti. “I’m not giving it up entirely. Pwede pa rin naman akong mag-paint kapag may spare time. Pero sa ngayon, no choice ako kundi sundin si Papa.” Napabaling siya sa mga

nagsasayaw sa palibot ng bonfire.

May portable sound system na naka-set up sa gilid at kasalukuyang nagpapatugtog ng isang dancehall music.

“Teka, nas’an na ba si Radley? Ang tagal naman niya.” Luminga-linga siya sa paligid. Radley was her male best friend, tubong-Maynila at anak ng isang film director. Nagkakilala sila noong college. Fine Arts din ang kursong tinapos nito.

“Malay ko kung saan na naman naligaw ang bugok na ’yon.” Tumayo si Faye matapos ubusin ang laman ng red cup nito. Pinagpagan nito ang suot na boho skirt. “Kailangan ko ng refill, samahan mo ’ko.”

Napangiwi si Nikki. “Bakit kailangang samahan pa kita?”

“Kasi kailangan mo rin ng refill.”

“May laman pa ’yong sa ’kin. Ikaw na lang.”

Hinaklit ni Faye ang cup niya at itinapon sa buhangin ang natitirang laman niyon. “See? Ubos na rin ’yung sa ’yo, kaya tara na. Sabay tayong magpa-refill.”

Wala siyang nagawa nang hatakin siya ng babae patungo sa open cabana kung saan naroon ang malaking beer keg. Napailing na lamang siya nang makitang may dalawang lalaki roon.

“Ano na naman ba ’to, Faye? Hindi mo talaga

ako titigilan sa mga trip mo, ano?” Obsession na ng kaibigan na hanapan siya ng potential boyfriend. Katwiran nito ay para maibaon na raw niya sa ilalim ng dagat ang long-time unrequited love niya.

But had she ever forgotten about Wesley Borromeo? No, not even for a second.

“Huwag ka nang KJ d’yan! Ang hot kaya nila. Friends sila ni Ate Chantal. Parehong Law students sa *Stanford*.” Bago pa man niya mabawi ang braso mula kay Faye, nakita na sila ng dalawang lalaki at sinalubong sila.

“Hi, Faye!” panabay na bati ng dalawa.

“Guys, this is Nikki, my lovely best friend.” Bumaling sa kanya si Faye. “Niks, sina Dash at Caio.” Hininaan nito ang boses. “Don’t worry, di ko sinabi na anak ka ng may-ari ng buong islang ito.”

Ang huling bagay na gugustuhin niyang mangyari ay putaktihin ng mga bagong manliligaw na gusto lang siya dahil sa kanyang mamanahin.

She rolled her eyes. “Ngayon, alam na nila.”

Ngumisi ito. “Relax, may lahing Pinoy ’yang dalawa pero hindi sila nakakaintindi ng Tagalog.”

“Nice meeting you, Nikki,” sabi ng dalawa.

“Nice meeting you, too. And, oh, my boyfriend is here,” aniya nang matanawan si Radley na papalapit sa kanila.

Siniko siya ni Faye, nanlalaki ang mga mata.

“Niks, Faye! Kanina ko pa kayo hinahanap.” Paglapit ni Radley ay agad niyang hinapit ang braso nito.

“This is Radley, my boyfriend,” pakilala ni Nikki sa binata.

“Huh? Kelan pa?” Napamulagat sa kanya si Radley. Kinurot niya ito sa tagiliran. “Aw, aw—yeah! I’m Nikki’s boyfriend.” He grinned like an idiot.

“I thought you’re single and available,” sabi ni Caio, may mapagdudang ngiti sa sulok ng mga labi. “Faye told us—”

“Well, clearly I’m not. If you’ll excuse us.” Nginitian niya ang mga ito, pati si Faye na napatanga na lamang sa kanila. Hinatak niya si Radley papunta sa floating bar ng isla.

“Tulog ba ’ko noong niligawan mo ’ko, Nikki?”

“Oo, humihilik ka pa!” Nagkatawanan sila.

Pumwesto sila sa extension raft ng bar sa likod, tangan ang mga cocktail drinks na hiningi nila sa bartender. Paboritong spot nila iyon dahil hindi matao sa gabi. Sa umaga ay makikita roon ang makukulay na corals, at tanaw naman ang tropical rainforest ng maliit na islang kalapit ng *Empress Island*. Ngayon ay mukha iyong dambuhalang anino ng isang natutulog na hayop.

“Buti na lang talaga at dumating ka kanina.

Kung hindi, siguradong mabibiktima na naman ako ni Faye.” Inilublob niya ang mga paa sa dagat saka sumimsim ng kanyang drink.

“Faye is such a witch. Why can’t she just leave you alone? Ang hilig niyang magreto ng mga lalaki sa ’yo, pero sarili niya, hindi mahanapan ng permanent love life. Taun-taon, may bini-break na record sa dami ng mga nagiging lalaki niya.”

Natawa siya. Kung kasama nila si Faye ngayon ay siguradong wala na namang katapusan ang bangayan ng dalawa. Minsan, nai-imagine niya na ang mga ito ang magkakatuluyan sa huli.

Radley may not be Faye’s usual type, but he was good-looking in his own right, especially with that boyish charm and cute smile. Masarap pa itong kasama.

“Hindi ko gusto ’yong mga bago niyang pinakilala sa ’yo.” Matunog na sinipsip ni Radley ang isang slice ng lemon. “Mukhang mga presko, eh.”

“I don’t like them either.”

“You should tell Faye to stop.”

“Tingin mo ba di ko pa ginawa ’yon nang maraming beses?” pakli niya. “You know her. Di niya ’ko titigilan hangga’t hindi ako nagkaka-boyfriend.”

“Eh, di ako na lang, matigil lang siya.”

“Paano na si Ate?” tudyo niya. Radley had this long-time crush on Natalie. Natatameme ito sa tuwing makakaharap ang kanyang kapatid.

Komikal na umikot ang mga mata ni Radley. “Ano ka ba, Nikki? Siyempre magbi-break din tayo. ’Tapos, magiging kami na ng ate mo at magiging future bayaw mo na ’ko.”

Nasamid siya at napahalakhak. “Ayokong imagine-in.”

“But seriously, bakit nga ba ayaw mo pang magka-boyfriend? Maraming lalaki d’yan na gustong manligaw sa ’yo.”

“Sinabi ko na ang rason dati pa. Nililigawan lang nila ako por que alam nilang anak ako ni Hernando Dela Cerna,” paliwanag niya.

“Yan ba talaga ang dahilan? Don’t tell me hindi mo alam kung gaano ka kaganda.”

Nagbaba siya ng tingin at nilaro-laro ang mga paa sa tubig. *If only looks were everything...*

Pumalatak si Radley. “Hanggang kelan mo ba siya mamahalin, Nikki? Tatlong taon nang wala si Wes dito sa Pinas. Ni hindi mo alam kung kelan siya babalik. Madalang pang magparamdam sa ’yo.”

“Tumatawag naman siya minsan, ah. Saka nagpapadala siya ng mga regalo pag may okasyon,” depensa niya.

“Tumatawag, oo. Pero ang tanong, sa ’yo ba?”

Ngani-nganing itulak niya si Radley sa dagat. Ang kaso, may punto ito. Sa papa niya laging tumatawag si Wes para mangumusta o di kaya ay para komunsulta about business matters. Nagkakaroon lamang siya ng pagkakataong kausapin si Wes sa tuwing aagawin niya ang telepono mula sa ama.

Wes would always be surprised to hear her voice, and her heartless father would only give them five minutes to talk. There was never enough time. Sa dami ng gusto niyang sabihin at ikuwento kay Wes. At sa tuwing tatanungin niya ang binata kung kailan ito uuwi, iisa lang ang palagi nitong isinasagot: *“I’m still busy, Nikki.”*

Three years ago, umalis si Wes upang makipagsapalaran sa ibang bansa. He became busy investing on foreign companies while offering management consulting services on the side. Ang pamamahala sa lumber yard business ng mga Borromeo dito sa Pilipinas ay ipinagkatiwala nito sa isang kamag-anak. Wes once said he wanted to explore the business industry around the world. Pero alam niyang may iba pang dahilan kung bakit ito nagpasyang lumayo.

“Nasaktan ka na sa kanya nang maraming beses, hindi ka pa rin nadadala? Besides, he told

you to stop liking him. Kaya bakit umaasa ka pa, Nikki? Bakit naghihintay ka pa?” patuloy ni Radley.

Nikki heaved a sigh and looked up at the night sky. “Kasi mahal ko siya. Mahal na mahal ko pa rin siya. Isn’t that what makes love a force to be reckoned with? Ilang libong sakit man ang pagdaanan ng puso mo, hindi ka mapapagod na umasa at maghintay.”

CHAPTER *Two*

Three years ago...
“So ano’ng papanoorin natin mamaya?
Action? Thriller? O Sci-fi na lang kaya?”
pangungulit ni Radley.

Pero wala roon ang atensiyon ni Nikki. Kanina pa nagkakandahaba ang leeg niya sa pagsilip sa labas ng school gate, umaasang mahahagilap ang kotse na kanina pa hinihintay. Lampas alas tres na ng hapon, katatapos lang ng mga klase nila.

“Sci-fi? Wala ka bang Nicholas Sparks d’yan?”
ungot ni Faye.

“Kelan ka pa nahilig sa Nicholas Sparks? Eh, abnormal ang idea mo ng romance?”

“Hindi para sa ’kin. Para dito sa hopeless romantic nating best friend. Hoy Nikki, pansinin mo nga

kami dito! Kanina ka pa hindi mapakali d'yan. Para namang hindi ka susunduin ni Manong Corden.”

“Hindi naman si Manong ang hinihintay ko, eh.”

“Sino?” sabay na tanong ng dalawa. Saktong dumating ang kanina pa niya inaabangang sasakyan. Sumungaw ang guwapong mukha ni Wes mula sa bintana ng driver's seat. Nag-hi gesture ito kina Faye at Radley.

“Why did we even ask?” Faye snapped in a satirical tone. “So, see you later na lang kina Radley?”

Umiling siya. “Sorry, guys, next time na lang. May plano na kasi kami ni Wes, eh.”

“Madi-disappoint si Mommy pag wala ka d'un. Nagluto pa naman siya ng Baked Mac,” dismayadong sabi ni Radley.

“And today is Friday, Nikki. Friday is movie night! Ipagpapalit mo kami kay Wes?” himutok ni Faye.

“Ano ka ba, Faye! Special someone si Wes, kaibigan lang tayo. See the difference?” ani Radley.

Apologetic na nginitian niya ang mga kaibigan. “Babawi ako next time, promise. 'Bye!” Mabibilis ang mga hakbang na tinungo niya ang school gate. Nang makasakay sa passenger seat ay nagkunwari siyang nagsusungit. “Late ka ng fifteen minutes.”

Wes chuckled deliciously and her heart fluttered like crazy. Pinilit niyang mag-isip ng hindi nakakatuwang bagay upang mapanatili ang nagtatampong anyo.

Mahirap nga lang dahil nadi-distract siya sa pagtitig sa kanya ng binata.

“Sorry, dumaan pa kasi ako sa lumber yard,” paliwanag nito. “And I’m only ten minutes late, so can you please drop the act, Nikki? You’re a terrible actress.”

“Anong sab—” Salubong ang kilay na nilingon niya si Wes para lamang mapakurap sa nakikitang ngisi sa mga labi nito. Tunaw na tunaw na naman ang kanyang puso. Kung bakit kasi sobrang guwapo ni Wes. Matangos ang ilong nito, makapal ang mga kilay, at senswal ang mga labi.

Hindi ganoong katigas ang hulma ng mukha, pero may anggulo itong lalaking-lalaki. Pero ang pinakagusto talaga ni Nikki ay ang malungkutin nitong mga mata na katulad ng sa ate niya. They were like a canvas full of indigo, purple and violet. Melancholic, but beautiful.

“Tsk. What am I going to do with you?” Napasinghap siya nang dumukwang ito upang ikabit ang kanyang seatbelt. Malalasing siya sa bango nito. Sobrang lapit ng mukha ni Wes na sana lang ay hindi nito naririnig ang malakas na pagkabog ng dibdib niya.

Nikki had been in love with Wes for as long as she could remember. Childhood friends ang mga magulang nila kaya mga bata pa lang ay magkakilala

na rin sila. Wes was her first crush, her puppy love, and her first love. Wala siyang pakialam kahit apat na taon na itong may nobya. Nagbulag-bulagan siya dahil umaasa siyang balang araw ay mapapasakanya rin ang lalaki.

“Your friends look upset. Lalo si Faye. May problema ba?”

“Huh?” Tinanaw niya ang mga kaibigang naglalakad na palayo. She didn’t want to abandon them on their Friday night, but she was currently on a mission. A mission to have quality alone time with Wes. “Wala ’yon. Sinabi ko lang na hindi ako makakasama sa kanila kasi may lakad tayo.”

Napakunot-noo ito. “Lakad? Akala ko ba nagpasundo ka lang sa ’kin dahil hindi available si Manong ngayon?”

“Oo nga,” pagsisinungaling niya. Kanina ay tinawagan niya ang matandang lalaki para sabihang kay Wes na lamang siya magpapasundo. “Pero naalala ko na kailangan kong pumunta sa Empress. May project kasi ako at nandoon ’yong materials na gagamitin ko. Samahan mo na ’ko, please?”

“Gusto mong samahan kita sa isla na halos linggo-linggo mong pinupuntahan?”

“Hindi ko kayang i-drive ang motorboat namin papunta d’un, remember?”

“Fine. But we can’t stay for long. May kailangan

pa akong asikasuhin.” Sumigid ang hapdi sa kanyang puso nang mapagtanto ang tinutukoy ni Wes.

Noong isang linggo ay aksidente niya itong narinig na nakikipag-usap sa isang kaibigan. Nikki was devastated when she heard Wes saying that he was planning to propose to his girlfriend.

“Pwede bang ipagpaliban mo muna ’yan? I’m a damsel in distress, and I need the help of my knight,” ungot niya.

Natatawang pinaandar ni Wes ang kotse. “You’re really unbelievable, Nikki.”

She smiled sweetly. “I know.”

“Eighteen ka na, and you even got a driver’s license. Why can’t you still drive by yourself?” ani Wes.

“Alam mo namang hindi pa ako komportableng humawak ng manibela.” Siyam na taong gulang si Nikki noong minsan niyang subukang i-drive ang kotse ng ama. She was simply curious. Birthday niya nang araw na iyon at sinamantala ang pagkakataong abalang kumakain ang matatanda.

She ended up crashing into a tree. Minor lang ang naging injury sa kanyang noo pero nag-cause iyon ng trauma. She had been scared to sit behind the wheel since then. Milagro nang maituturing na naipasa niya ang driving exam niya.

“You need to start learning how to overcome your fear. You can’t be truly happy if you’re always scared

of something.”

She leaned against the seat. “Have you ever been scared of something, Wes?”

“I once feared living.” He smiled sadly. “When my whole family died, I was scared to continue my life. I felt so lost and alone.” *Disiseis años si Wes noong mamatay sa car accident ang mga magulang at nakababatang kapatid nito.* “Kaya malaki ang pasasalamat ko sa kapatid mo. Nasa tabi ko siya noong mga panahong galit ako sa mundo. Natalie helped me moved on. I survived because of her.”

Pakiramdam ni Nikki ay sinampal ang kanyang puso. Naiinis siya sa nakikitang ningning sa mga mata ni Wes habang sinasabi ang mga katagang iyon.

“Nandoon din naman ako sa tabi mo noon, ah?” she said bitterly. “Was my presence not enough?”

Wes smiled warmly and squeezed her chin. “Of course, your presence helped. Matatakasan ko ba ang kakulitan mo? Masyado ka pa nga lang bata noon. I needed someone—”

“Your age? Someone mature enough to listen to you? Someone like Ate?” Frustrated siyang napadungaw sa labas ng bintana. Bakit ba kasi mas late siyang ipinanganak? Eh, di sana ay hindi siya tinatrato ni Wes na parang bata. Siya sana ang nobya ni Wes ngayon at hindi ang ate niya!



Narinig ni Nikki na nagtatalo sina Wes at Natalie sa balkonahe. Kaninang naghahapunan sila ay pansin na niya ang panlalamig ng kapatid sa binata.

“Sinabi ko na kung gaano kaimportante sa ’kin ang event na ’yon, Wes. I waited for you to come but you didn’t show up,” himutok ni Natalie.

“I’m really sorry, Nat. Nawala sa isip ko. Nagpasundo kasi sa ’kin si Nikki kanina at nagpatulong sa school project niya.”

“Napapadalas yata ang mga lakad n’yo ni Nikki. These past few days... pakiramdam ko, mas marami ka pang oras sa kanya kesa sa ’kin.”

Kinabig ni Wes ang baywang ni Natalie at hinagkan ito sa gilid ng mga labi. Nikki felt a sharp pang of jealousy. Pero ano na lang ba iyon kumpara sa daan-daang beses na nasaksihan niya ang paglalambingan ng dalawa? Nakakamanghang isipin na matibay pa ring kumakapit ang kanyang puso.

“Are you jealous? Alam mo namang parang kapatid ko na si Nikki.”

“We both know how much she likes you. Why do you think she wants to be by your side all the time? Wes, mahal ko rin ang kapatid ko. Ayoko siyang masaktan. Kung palagi mo siyang pagbibigyan na makasama ka, hindi mawawala ang nararamdaman

niya sa 'yo. At paano kung in love na si Nikki sa 'yo?"

Wes chuckled and shook his head. Hinawakan nito ang magkabilang pisngi ni Natalie. "Your sister is not in love with me, okay? Maybe she thinks so, but she's not. She can't be. She's too young to be that serious."

Ang akala ni Nikki ay naramdaman na niya ang lahat ng klase ng sakit simula nang mahal in niya si Wes. Hearing this was too much for her. How could Wes underestimate her feelings? She wanted to step out and slap him hard. Para maintindihan nito na totoo ang nararamdaman niya at hindi infatuation lang! Pero mas galit siya sa sarili niya. Because despite all the hurt, she still couldn't unlove Wes. What was wrong with her?

Masama ang loob na lumabas siya ng mansion bitbit ang susi ng isa sa mga sasakyan nila. She hesitated for a moment as she opened the driver's seat.

Could she drive it without having some kind of panic attack? Ang sabi ni Wes ay kailangan niyang matutunan kung paano talunin ang takot niya. Magagawa rin kaya niyong supilin ang sakit sa puso niya?

"I can't be truly happy if I'm always scared of something," sambit niya. "If I do this... will I truly be happy? Will you finally come to me, Wes?"



Nikki should have known it was a bad idea. Nagsisimula nang manikip ang dibdib niya. Her whole body was shaking and she felt like throwing up. Nanginginig ang mga daliri niya sa manibela ng sasakyan. All she could see was the dark empty bridge ahead and a big acacia tree alongside the road.

Bumugso ang matinding takot sa kanyang dibdib at napapikit siya nang mariin. She felt exactly as she did nine years ago. Pinilit niyang imaniobra pakaliwa ang manibela at mabilis na tinapakan ang preno. She froze from the impact and felt like all the air was sucked out of her lungs. Shocked siyang lumabas ng kotse. She sat on the curb near the tree, staring at the headlights. Niyakap niya ang mga binti at nagsimulang umiyak.

She wasn't ready to drive alone. Ni wala siyang destinasyon. Ano nga ba'ng sumapi sa kanya at naisipan niyang magtakas ng sasakyan? Iniisip ba niya na mamahalin siya ni Wes kapag nagawa niyang talunin ang takot niya?

Mapait siyang ngumiti at pinahid ang luha. Who was she kidding? Kahit yata ano ang gawin niya ay hinding-hindi siya makikita ni Wes bilang babae. Mananatili siyang nakababatang kapatid sa paningin nito.

Nakaranig siya ng humintong sasakyan, kasunod ang mabibigat na mga yabag na patungo sa kinaroroonan niya. Nagulat siya nang sa pag-angat ng mukha ay si Wes ang nakita niya. Matigas ang ekspresyon nito at lunod sa pinaghalong galit at pag-aalala ang malungkuting mga mata.

“What the hell were you thinking taking off like that? You even left your phone. You had us all worried. You had me worried, Nikki!” singhal nitong nagpakurap sa kanya.

Nanlalata pa ang kanyang mga tuhod pero pinilit niyang tumayo. Kung hindi sa maagap na pagkapit ni Wes sa mga braso niya ay baka tuluyan nang bumigay ang mga binti niya.

“Are you hurt anywhere?” Naglikot ang mga mata nito sa pagsuri sa kanya. *“Ang sabi ni Manong Corden, nakasalubong ka niya kanina sa highway at parang wala ka sa huwisyo habang nagmamaneho. Akala pa niya noong una, namalik-mata lang siya. Until we’ve confirmed that one of Uncle’s cars is missing. Alalang-alala si Auntie Diana.”* Marahas itong nagpakawala ng hangin. *“What the hell’s got into you? Dahil ba ’to sa sinabi ko kanina? About you still being unable to drive alone? About learning to overcome your goddamn fear—Talk to me, dammit!”* Inalog nito ang mga balikat niya. *His jaw was clenching and guilt was painted all over his face.*

“I didn’t get hurt, you see.” She smiled weakly. “You came to find me.”

Nagsalubong ang mga kilay ni Wes at lalong tumiim ang tingin sa kanya. “You think this is a joke? Paano kung napahamak ka?”

Nawala ang ngiti sa mga labi niya at matagal niyang pinakatitigan ang lalaki. “Don’t marry her.”

Natigilan si Wes. “What?”

“Hindi ko kayang mawala ka sa ’kin, Wes. I’m in love with you. Mahal kita, higit pa sa kayang ibigay sa ’yo ng kahit sino!” Tumingkayad siya at kumapit sa mga balikat ni Wes. Hinayaan niya ang sariling magpatangay sa nababaliw niyang damdamin.

She closed her eyes and kissed him. Nangangatal ang mga labi niyang hindi niya alam kung dahil ba sa lamig ng hangin o dahil ito ang first kiss niya. Nakapanood naman na siya ng kissing scenes sa mga pelikula kaya alam niya kung paano ito gawin.

But something felt wrong. Wes remained stiff. Kinukumpirma lamang ba niyon na wala ni isang gramong pagtingin ang lalaki sa kanya?

Just as she was about to pull away from Wes, his lips suddenly claimed hers. Nangangapa. Nag-aalangan. He was confused, but he was still kissing her back. And it felt good. So good she wanted to cry in joy. Naramdaman niya ang pagdiin at paggaan ng halik nito. Ang marahang pagtulak nito.

“No, this is wrong, Nikki. I’m with your sister.”

They both sensed someone was watching them. Kapwa sila napalingingon sa babaeng nakatayo sa labas ng kotse ni Wes, bakas ang labis na pagkasorpresa sa mukha.

Bumitaw sa kanya si Wes at halos tumakbo ito patungo kay Natalie. Hinatak nito ang braso ng babae nang aktong maglalakad ito palayo.

“What you saw meant nothing,” narinig niyang paliwanag ni Wes, pilit hinuhuli ang mga mata ng babae. “Nat, talk to me!”

“Maiintindihan ko si Nikki, pero ikaw, Wes?” There was pain in her eyes, her voice sounded broken, “You were kissing her back and you forgot that I was here!” Namagitan ang makapal na katahimikan sa dalawa. Mayamaya ay tumalikod si Natalie at binuksan ang pinto ng driver’s seat. “I’ll take your car. You bring Nikki home.” And she drove off.

Matagal na nakatayo si Wes sa gitna ng kalsada, hinahabol ng tingin ang papalayong kotse. Alangan siyang lumapit sa lalaki. Isang bahagi niya ang nakokonsyensya sa nangyari.

She didn’t mean to hurt Natalie.

“Are you mad at me, Wes?” Nikki asked. Hinintay niya itong humarap sa kanya at hindi niya nagustuhan kung paano siya nito tinitigan. Parang ipinahihiwatig niyon na siya ang pinakamalalang pagkakamali na

nangyari sa buong buhay nito.

Don't look at me like that, please, *pagsusumamo ng isip niya. Her heart had ached enough already, and it would be impossible for her to take any more pain.*

“Stop liking me, Nikki. Because whatever you do, I can never love you back,” he said coldly and her entire world was shattered.

CHAPTER *Three*

*N*ikki took a deep breath and tried hard to maintain the polite smile on her face. Anuman ang mangyari, hindi pwedeng maubos ang kanyang pasensya. This was the first task her father had entrusted to her. Kailangan niyang gawin ang lahat at hindi siya pwedeng pumalpak. But could she really handle this situation?

“Kumalma lang po kayo, Ma’am. Nagpadala na kami ng crew sa cabin n’yo para i-check kung talagang may mga daga roon.”

Animo nagyelo ang mukha ng dalawang staff na kasama niya at sabay pang umiling ang mga ito. Did she say something wrong? Bago pa siya makapagsalitang muli ay umigkas na ang malahigad na kilay ng matabang babae. Nakapamaywang itong

humakbang palapit sa kanya.

“Excuse me! Mukha ba akong gumagawa ng kuwento? Tingin mo, nagsisinungaling ako na may nakita akong malalaking daga sa cabin ko? I can’t believe na five-star ang resort n’yo pero ganyan n’yo tratuhin ang guests ninyo!”

Nikki bit her lower lip. Pakiramdam niya ay wala na siyang tamang ginawa mula nang kausapin ang nagwawalang guest sa lobby. Mabuti na lang at walang ibang guests na nagkalat sa main building nang tanghaling iyon. Hindi niya gustong maalarma ang mga tao sa balitang may daga sa isang cabin. She thought it was all a lie, anyway.

May sariling pest control unit ang *Empress Island* at sigurado siyang walang pagala-galang mga daga o ipis sa buong resort. So how could a single cabin get infested?

“I apologize, Ma’am. Of course, we believe you. Huwag po kayong mag-alala at sisiguruhin naming magiging maayos ang pag-stay n’yo sa cabin pagkatapos ng inspection.” She really had bad PR skills. *You’ve given me a hard task, Papa.*

“Ano ka ba sa resort na ’to?” sigaw ng ginang na dinuro-duro siya. “Pwede ba, iharap n’yo sa ’kin ang general manager ninyo at sa kanya ako magrereklamo! Bakit n’yo hinahayaang makipag-usap sa ’kin ang staff na ’to na parang hindi na-train

nang maayos?” Itinulak pa siya ng malaking braso nito na muntikan na siyang matumba.

Mabuti na lang at may sumalo sa kanya mula sa likuran. They were the hands of a man, powerful and strangely familiar. At nang magsalita ito ay tuluyan nang ginapangan ng kilabot ang kanyang sistema. She knew that voice like her own heartbeat.

“Why don’t we settle this with a nice spa treatment and a nice bottle of wine?” suhestyon ng baritonong boses.

Mukhang na-starstruck sa lalaking nasa likuran niya ang staff na si Abby. Pinigil ni Nikki ang sarili na lumingon.

“How does that sound to you, Ma’am? We’ll be serving you a very fine wine, and I’m sure you’ll like it,” sabi ng lalaki sa guest na parang natulala na rin at nakalimutan ang pagwawala. “We’ll have it delivered to your new cabin. And it’s *on the house*.”

“Hmp! Dapat lang! Kung di naman dahil sa walang modo ninyong staff, hindi ako maha-highblood nang husto.”

Nagngitngit sa inis si Nikki. Siya pa ang tinawag nitong walang modo? Magre-react sana siya nang maramdamang pagpisil ng lalaki sa kanyang mga balikat na para bang nakikita nito ang reaksiyon niya at nais siyang pakalmahin.

“Basta siguraduhin ninyong ililipat n’yo ’ko sa

mas malinis at mas maayos na cabin, ha!” Tumalikod ang bruhan guest.

Tinanguan ni Nikki ang dalawang staff para sundan ang ginang. Binitawan na rin siya ng lalaki.

Mabilis ang kanyang paglingon. Parang panaginip ang nasa kanyang harapan. But if this was really a dream, she wouldn't want to wake up anymore. Gusto niyang maluha sa galak. Gusto niyang sumigaw sa matinding hinanakit. She never realized how much her heart had ached for a long time until now.

“Wes?” Kahit ang simpleng pagtawag sa pangalan nito ay nagdudulot ng matinding kaligayahan sa kanyang sistema. Three years had made him look more masculine. Mula sa kumpiyansadong tindig, sa tangkad nitong halos anim na talampakan hanggang sa metikuloso nitong pananamit—lalaking-lalaki ito. He wore a gray vest over a collared shirt and he looked so stunning. And his handsome, melancholic eyes...

God, I missed him.

Hindi niya napigilang namnamin ang features ni Wes na para bang takot siyang mawala itong muli sa paningin niya. Sinikap niyang huminga nang maluwas. *Kalma lang, Nikki.*

Wes crossed his arms. Sinusundan nito ng tingin ang babaeng guest.

“Anuman ang sabihin o gawin ng guest, hindi ka dapat magpakita ng kahinaan. It’s important to choose your words carefully.”

“Pero obvious naman na gawa-gawa lang niya na may nakita siyang daga sa cabin.” Sandali niyang tinapunan ng matalim na sulyap ang babae.

“You think the guest cares whether you believe her lie or not?” Wes arched his brow at her. “She will say or do anything just to get what she wants. At sino sa tingin mo ang mapapasama sa huli kapag sinubukan mong makipagtaló? You were so close to losing your patience earlier.”

“T-teka nga. Kanina ka pa ba d’yan?” Nakaramdam siya ng embarrassment nang maa-realize na maaaring kanina pa siya inoobserbahan ni Wes. Hindi ito ang ini-imagine niyang muling pagtatapo nila ng binata. Nasaan na ang ipinangako niya na magmumukhang matalino at elegante sa harap nito kapag nagkita silang muli? *Nakakahiya.*

“You’ll soon be the face of *Empress Island*, Nikki.” Kahit sa seryoso nitong tono ay hindi niya napigilang kiligin. Wes spoke her name as if it’s the sweetest thing on Earth. “Kailangan mong ipakita na importante sa ’yo ang opinyon ng guests.”

“How sure were you that your offer would make her shut up?” tanong niya.

Wes smiled shrewdly and her heart skipped a

beat. “Just a hunch.” Nagkibit-balikat ito. “I noticed some stains on her blouse. A smear of chocolate here and there, plus I could smell the alcohol on her breath from where I was standing earlier.”

Napaawang na lamang ang mga labi niya sa pagkamangha.

“You need to know more about people, Nikki.”

“Ikaw ba talaga ’yan, Wes?” Pakiramdam niya ay nasa alapaap ang puso niya ngayon.

His eyes narrowed. “Do I look like a ghost to you? I’ve been talking here for like five minutes or so, and you still don’t believe it’s me?”

“P-Pero paanong... Kelan ka pa dumating? Bakit hindi ka man lang tumawag? Saka hindi ka na ba ulit aalis? Bakit hindi mo ako nilapitan agad kanina?”

Nakaawang ang bibig ni Wes na hindi malaman kung matatawa ba o ano.

“Wesley! Nandito ka na nga talaga.” Napalingon siya sa kanyang papa na palapit sa kanila. Kasunod nito ang kanyang mama na may malapad ding ngiti sa mga labi. Niyakap ng papa niya si Wes. “Akala ko ay in two weeks pa ang dating mo.”

Napakunot-noo si Nikki. Was her father expecting Wes?

“My appointment got canceled, so I decided to get an earlier flight.”

“Fortunately for us, then. At least, napaaga ang

uwi mo. Welcome back, hijo. Still the same dashing Wesley I know.” Niyakap din ito ng mama niya.

As to be expected, her parents knew about his arrival while she did not?

“Papa, Mama! You know he’s coming home?” Nalilitong nagpalipat-lipat ang tingin niya sa mga magulang.

“Actually, anak, I called Wes. Ako ang nagpauwi sa kanya rito,” pag-amin ng ama.

“Why?”

“Dahil gusto naming simulan mo nang pag-aralan ang pagpapatakbo sa mga negosyo natin. I can always guide you, but it’s not going to be enough. Hindi kita matututukan dahil abala rin ako sa opisina. Ayaw naman namin ng mama mo na pilitin ka pang bumalik sa college. Besides, it’s going to take a long time. So I just thought, why not let you have some private instruction? From an expert.” Her father glanced at Wes. “What you’ll learn in business school in four years, Wes can teach you in a few months.”

“You agreed to this?” hindi makapaniwalang tanong niya sa binata na kaswal nitong tinanguan. Not that she intended to complain. Nais lamang niyang marinig ang kumpirmasyon mula rito. If taking over the family business would mean being with Wes all the time, then she would gladly accept

her fate.

“Mabuti pa, sa resto na natin dalhin ang usapang ’to. Nagugutom na ’ko, eh,” yakag ng papa niya. “Nasaan na ba si Natalie? Ang sabi ko sumunod kaagad dito. O, ’ayan na pala. Natalie, halika dito at narito na si Wes.”

Nikki tensed as her sister approached them. Three years ago, Wes and Natalie broke up because of her. Nang dahil sa gabing hinalikan niya si Wes. Their parents had no idea. Ang akala ng mga ito ay naging matiwasay ang paghihiwalay ng dalawa. Na nagkasundo ang dalawa na pagtuunan muna ng pansin ang kani-kaniyang karera. That was when Wes decided to leave the country.

And now she wondered how the two would react upon seeing each other again.

“Hi, Wes. I’m glad to see you’re back. Sinabi na sa ’kin ni Papa na babalik ka na nga sa Pinas,” nakangiting bati ni Natalie sa lalaki.

Sa totoo lang, hindi niya alam kung naka-move on na ba talaga ang ate niya kay Wes. Natalie was not as expressive as her when it came to emotions. Sa nakalipas na tatlong taon ay naging abala ang kapatid niya sa medisina at sa pagbo-volunteer sa mga medical mission. Ni hindi yata ito nagkaroon ng interes na makipag-date sa ibang lalaki.

“It’s been a long time. I heard from Papa that

you're doing great abroad," dagdag pa ng kapatid.

"It's been a good experience," pormal na sagot ni Wes na may kalkuladong ngiti sa mga labi. "I heard from Uncle na magsisimula ka na sa residency mo. Congrats and good luck."

"Thanks."

"Natutuwa ako at okay na kayong dalawa, Wes, Natalie," saad ng papa niya. "Aaminin ko, nalungkot ako noong naghiwalay kayo. Alam n'yo namang botong-boto kaming mag-asawa sa inyo—"

Siniko ito ng mama niya at pasimpleng sinita, "Hernando, 'yang bibig mo! Pinag-usapan na nating hindi mo bubuksan ang topic na 'yan pag-uwi ni Wes."

"Bakit, wala namang masama sa sinabi ko, ah? Kita mo namang naka-move on na ang dalawang bata."

"Hindi pa po ba tayo kakain?" pag-iiba ni Nikki sa usapan dahil napansin niyang biglang nanahimik sina Wes at Natalie. "Nagutom ako sa pakikipag-usap sa guest kanina kaya, Papa, marami akong oorder-in, ha."

Malakas na tumawa ang kanyang ama saka siya inakbayan.



Nikki woke up in the middle of the night, and

her first thought was all about Wes. Ngingiti-ngiti siyang bumangon at nagtungo sa kusina para uminom ng tubig. She couldn't believe how crazy in love she was with that man until now. Kahit ano pa ang mangyari, hindi siya susuko. Naniniwala siyang tadhana na ang gumawa ng paraan upang mapaglapit muli sila. They would always belong to each other. At gagawin niya ang lahat para tuluyan nang mahulog ang loob sa kanya ni Wes.

Napapitlag siya nang makarinig ng pagkalansing ng susi at pagbukas ng pinto. Kaagad niyang binuksan ang ilaw sa sala at nakitang si Natalie ang pumasok.

“Ate?”

Nagitla rin ang kapatid nang makita siya. “Bakit gising ka pa?”

“Gabing-gabi na, ah. Saan ka galing?” maang niyang tanong.

Natalie seemed caught off guard for a second and replied, “Ah, nagpahangin lang ako sa labas. Hindi kasi ako makatulog, eh. Sige, aakyat na 'ko. Matulog ka na rin.” Paakyat na ang kapatid sa hagdanan nang sundan niya ito.

“Ate...” Sumeryoso ang kanyang anyo. “Ayos ka lang ba?”

Ilang sandali ang pinalipas ni Natalie. Nang humarap sa kanya ay may nakahanda nang ngiti sa

mga labi nito. “Oo naman. Mukha ba akong hindi okay?”

“I mean, ngayong bumalik na si Wes.” Awkward para sa kanyang kausapin si Natalie tungkol sa binata, pero naisip niyang mas mabuti nang maliwanagan siya ngayon pa lang. Hindi niya gustong magkaroon ng tensyon sa pagitan nila ng kapatid kagaya noong unang taon na naghiwalay ang dalawa.

“Matagal nang tapos ang lahat sa ’min ni Wes, Nikki. Wala kang dapat ipag-alala. You’re free to love him as much as you want, at hinding-hindi ako mamamagitan,” tapat nitong sabi. “I’ve already made sure of that.”



Wes called her the next day. Gusto raw nitong magpasama sa kanya. Hindi pa nito nasasabi ang pupuntahan ay um-oo na kaagad siya at hindi na nagtanong pa. Para kay Nikki, kahit saan pa siya dalhin ni Wes ay ayos lang sa kanya. Ang importante ay kasama niya ito.

“Susmaryosep, Ma’am Nikki! Ninakawan ka ba rito?” gulat na bulalas ni Manang Ida pagpasok sa kuwarto niya. Noon lang napansin ni Nikki na nagkalat pala ang mga damit niya sa kama at sa sahig. Kanina pa kasi siya hindi magkandaugaga sa pagpili ng isusuot.

“Pasensya na po, Manang. Pakiayos na lang po, salamat.” Napabungisngis siya at sinipat ang sarili sa salamin. Suot niya ang isang cute na pink dress na sakto sa kanyang balingkinitang katawan. She matched it with wedge sandals. She applied light makeup on her face and pinned her long hair back.

Pumalatak si Manang Ida. “Naku, magkikita kayo ni Sir Wes, ano?”

Amused siyang napalingon sa mayordoma nila. “Paano n’yo nalaman, Manang?”

“Yan pa ba, anak, ang hindi ko mahahalata? Eh, bata ka pa lang, kilala na kita. Kay Sir Wes ka lang nagiging aligaga nang ganyan.”

Her cheeks flushed and she smiled sheepishly.

“Na-miss mo nang sobra, ano?”

Hindi na siya nahiyang tumango. Mayamaya lang ay nakarinig sila ng malakas na busina mula sa labas. Her heart leaped in excitement.

“O siya, mukhang and’yan na ang Prince Charming mo.”

“Sige po, Manang.” Halos takbuhin niya pababa ang hagdanan. Pagtapat sa pinto ay inayos niya ang kanyang damit at buhok. She cleared her throat and composed herself.

“Hi, akala ko mamaya ka pa,” bati niya kay Wes. Nakasuot ng simpleng shorts at light blue shirt ang binata. He looked so laid-back pero naroon pa rin

ang classy aura nito. Wes wasn't muscular, pero maganda ang postura at tindig. She bet he could wear crappy clothes and still look gorgeous.

Humalukip si Wes at amused itong ngumiti habang pinapasadhan siya ng tingin. "Are you sure that's what you want to wear?"

"Huh? Masyado bang simple?" Dismayadong sinipat niya ang sarili. Hindi man lang ba nagandahan sa kanya si Wes?

Wes stifled a laugh. "You'll know when we get there."